Linggo ng Pananalangin, Pag-aayuno, at Pagtatalaga

Enero 2024

# Set Apart

## Isang Biblikal na Pananaw sa Kabanalan

# Set Apart

Isang Biblikal
na Pananaw
sa Kabanalan

EVERY NATION

© 2024 ng Every Nation Churches & Ministries.
Reserbado ang lahat ng karapatang pagmamay-ari.

Naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Sonny Oaman
Isinalin mula sa lathalaing Ingles ng Every Nation. Ang lahat ng sipi ng Kasulatan, maliban na lamang kung binanggit, ay mula sa Ang Salita ng Dios (ASND) Copyright 2010, 2014 ng Biblica Inc.

**EveryNation.org/Fasting** **#ENfast2024**

# Nilalaman

Paghahanda sa Pag-aayuno .......... 2

Ang Aking Plano .......... 6

Panimula:
Ang Tawag ng Kabanalan .......... 15

Unang Araw:
Ang Komunidad ng Kabanalan .......... 19

Ikalawang Araw:
Ang Hamon ng Kabanalan .......... 23

Ikatlong Araw:
Ang Pagpapakita ng Kabanalan .......... 27

Ikaapat na Araw:
Ang Pinakamahalaga sa Kabanalan .......... 31

Ikalimang Araw:
Ang Pangako ng Kabanalan .......... 35

Pagtatapos:
Ang Matinding Pagsubok ng Kabanalan .......... 39

# Paghahanda sa Pag-aayuno

## Bakit Kailangang Mag-ayuno?

Ang pag-aayuno ay isang espirituwal na gawain na ginagamit ng Diyos upang ipalaganap ang Kanyang kaharian, baguhin ang kahihinatnan ng mga bayan, pasiklabin ang pagbabago, at magdala ng tagumpay sa buhay ng mga tao. Sinisimulan ng mga iglesya at mga *campus ministry* ng Every Nation ang bawat taon sa limang araw na pananalangin at pag-aayuno upang magpakumbaba sa harapan ng Diyos, ilaan ang mga sarili sa Kanya sa kasalukuyang taon, at sama-samang sumang-ayon sa tagumpay na ibibigay Niya.

### Si Jesus ay nag-ayuno.

> 1Pagkatapos nito, dinala ng Banal na Espiritu si Jesus sa ilang upang tuksuhin ng diyablo. 2Doon ay nag-ayuno si Jesus ng 40 araw at 40 gabi, kaya nagutom siya. **MATEO 4:1–2**

> Bumalik si Jesus sa Galilea na taglay ang kapangyarihan ng Banal na Espiritu. Kumalat sa lahat ng lugar doon ang balita tungkol sa kanya. **LUCAS 4:14**

Alam ni Jesus na kakailanganin Niya ng espirituwal na kalakasan upang matupad ang Kanyang layunin. Inihahanda tayo ng pag-aayuno para gawin ang mga ipapagawa ng Diyos sa atin.

### Ang pag-aayuno ay isang pagpapakita ng pagpapakumbaba at paglalaan ng sarili sa Diyos.

> Doon sa tabi ng Ilog Ahava, sinabi ko sa grupo na mag-ayuno kami at magpakumbaba ng mga sarili namin sa presensya ng aming Diyos para hilingin sa kanya na ingatan kami sa paglalakbay, pati ang aming mga anak at mga ari-arian. **EZRA 8:21**

Sa pagpapakumbaba natin sa pamamagitan ng pananalangin at pag-aayuno, maaari nating matanggap ang sagot ng Diyos sa ating mga panalangin.

### Ang pag-aayuno ay tumutulong sa atin na maging sensitibo sa Banal na Espiritu.

> Habang sumasamba sila sa Panginoon at nag-aayuno, sinabi ng Banal na Espiritu sa kanila, "Italaga ninyo para sa akin sina Bernabe at Saulo, dahil may ipapagawa ako sa kanila." **MGA GAWA 13:2**

Kung ipagkakaila natin sa ating sarili ang mga likas nating hinahangad at mga makamundong libangan, tayo ay nagiging sensitibo sa tinig ng Diyos. Magagawa nating ituon sa Diyos ang ating pansin at magpasakop sa kagustuhan Niya.

### Ang pag-aayuno ay nagdadala ng pagbabagong-buhay.

> "Muling itatayo ng inyong mga lahi ang mga lungsod ninyong matagal nang wasak at aayusin nila ang dating mga pundasyon. Makikilala kayo na mga taong tagaayos ng kanilang mga gibang pader at mga bahay." **ISAIAS 58:12**

Makikita sa kasaysayan na bilang sagot sa panalangin at pag-aayuno, ibinigay ng Diyos sa iba't ibang mga bansa ang pagbangon at kaligtasan mula sa pagkawasak. Nakakatulong sa atin ang pag-aayuno para maging masigasig tayo sa pananalangin at intersesyon.

### Ang pag-aayuno ay mabuti para sa ating kalusugan.

Dahil sa pag-aayuno, nalilinis ang sistema ng pagtunaw ng pagkain sa ating katawan. Itinuturing ng mga doktor ang pag-aayuno bilang sagot sa ilang *allergy* at sakit. Ang pag-aayuno ay tumutulong sa pagtanggal ng mga hindi magagandang adiksyon.

## Pagpaplano sa Pag-aayuno

> Pagkatapos, sinabi ni Josue sa mga tao, "Linisin n'yo ang inyong sarili dahil bukas ipapakita sa inyo ng Panginoon ang mga kamangha-manghang bagay." **JOSUE 3:5**

**Manalangin**—Maglaan ng oras sa pagbabasa ng Bibliya bago ang pag-aayuno. Hingin sa Banal na Espiritu na gabayan ka sa iyong mga panalangin. Sa mga pahina 10-11, isulat ang mga ipinapanalangin mo para sa iyong pamilya, mga kaibigan, iglesya, at bayan.

**Magpasya**—Ipanalangin ang uri ng pag-aayuno na gagawin mo at magpasyang gawin ito bago pa man magsimula ang pag-aayuno. Itala ang iyong plano sa mga pahina 6-7. Hingin sa Diyos na tulungan kang maisakatuparan ang planong ito.

**Kumilos**—Dahan-dahang bawasan ang pagkain ilang araw bago ang simula ng pag-aayuno. Iwasan ang mga pagkaing matamis at mamantika. Iwasan din ang nakakapagod na mga gawain at ang pakikisalamuha sa mga tao sa linggo ng pag-aayuno. Humanap ng makakasama sa pananalangin at papirmahin siya sa pahina 7.

> **PAALALA:** Kumunsulta sa doktor lalo na kung ikaw ay buntis, nagpapasuso, o kaya ay may gamot na iniinom. Kung hindi ka maaaring ganap na mag-ayuno, planuhin kung ano ang pinakamabuting pag-aayuno para sa iyo.

## Habang Nag-aayuno

> Pero sumagot si Jesus, "Sinasabi sa Kasulatan, 'Hindi lang sa pagkain nabubuhay ang tao kundi sa bawat salita ng Diyos.'" **MATEO 4:4**

**Magtuon ng pansin**—Maglaan ng oras upang sagutan ang debosyonal na ito. Maging handang tumugon sa Salita ng Diyos at sa sasabihin ng Banal na Espiritu.

**Manalangin**—Makibahagi kahit isang beses lamang sa mga sama-samang pananalangin sa iyong iglesya. Manalangin para sa iyong pamilya, iglesya, pastor, bayan, paaralan, at mga misyon sa buong linggo.

**Magpalakas**—Sa tuwing oras ng pagkain, magbasa ng Bibliya at manalangin. Uminom ng maraming tubig at magpahinga tuwing may oras. Maging handa sa mga pasumpong-sumpong na panghihina, kawalan ng pasensiya, at pagiging mainisin.

# Paghinto sa Pag-aayuno

> [14]At may kapanatagan tayo sa paglapit natin sa Diyos, dahil naniniwala tayong ibibigay niya sa atin ang anumang hilingin natin na ayon sa kanyang kalooban. [15]At kung alam nating nakikinig sa atin ang Diyos, alam nating tinatanggap na natin ang hinihiling natin sa kanya.
> **1 JUAN 5:14–15**

**Kumain**—Dahan-dahanin ang muling pagkain ng karaniwan mong kinakain. Kailangan ng katawan mo ng panahon para muling matanggap ang dating dami at uri ng iyong pagkain. Simulan sa prutas, mga inumin, at salad, at saka magdagdag ng mga gulay. Kumain ng maliliit na bahagi lamang sa buong maghapon.

**Manalangin**—Huwag huminto sa pananalangin! Manalig sa katapatan at sa takdang oras na ibinigay ng Diyos. Ipamuhay sa buong taon ang bago mong taglay na pagmamahal sa Kanya. Manampalataya na sasagutin ng Diyos ang mga panalangin mo.

# Ang Aking Plano

## UNANG ARAW

☐ Tubig lang ☐ Sabaw o inumin lang ☐ Agahan, tanghalian, o hapunan lang

☐ Iba pa

(Mga) Pupuntahang Pagtitipon para Manalangin:

## IKALAWANG ARAW

☐ Tubig lang ☐ Sabaw o inumin lang ☐ Agahan, tanghalian, o hapunan lang

☐ Iba pa

(Mga) Pupuntahang Pagtitipon para Manalangin:

## IKATLONG ARAW

☐ Tubig lang ☐ Sabaw o inumin lang ☐ Agahan, tanghalian, o hapunan lang

☐ Iba pa

(Mga) Pupuntahang Pagtitipon para Manalangin:

**IKAAPAT NA ARAW**

☐ Tubig lang ☐ Sabaw o inumin lang ☐ Agahan, tanghalian, o hapunan lang

☐ Iba pa

(Mga) Pupuntahang Pagtitipon para Manalangin:

**IKALIMANG ARAW**

☐ Tubig lang ☐ Sabaw o inumin lang ☐ Agahan, tanghalian, o hapunan lang

☐ Iba pa

(Mga) Pupuntahang Pagtitipon para Manalangin:

> "Sinasabi ko rin sa inyo na kung magkasundo ang dalawa sa inyo rito sa mundo na ipanalangin ang anumang bagay, ipagkakaloob ito ng aking Amang nasa langit." **MATEO 18:19**

## Kasama Ko sa Pananalangin:

# Nagpapasalamat ako sa Diyos para sa . . .

## Mga Nasagot na Panalangin

Isulat ang mga magagandang nangyari, nasagot na mga panalangin, at mga aral na natutunan mo noong 2023.

# Ngayong 2024, pipiliin kong kilalanin ang Diyos at magtitiwala ako sa Kanya sa mga bahaging ito:

## Nais Kong Makamtan para sa Aking Sarili

Espirituwal na Pagbabagong Buhay • Pisikal na Paggaling • Kaunlaran at Kasaganaan • Masaganang Pagbibigay . . .

## Aking Pamilya

Pagpapanumbalik ng mga Nasirang Relasyon • Kaligtasan ng Sambahayan . . .

## Aking Pag-aaral/Trabaho

Kahusayan • Pagtaas ng Posisyon o Tungkulin

## Aking Paglilingkod

Paglago ng *Victory group* • Kaligtasan ng mga Kaibigan, Kasama sa Trabaho, at Kamag-aral . . .

# Nangangako akong ipapanalangin sina . . .

| Pangalan | (Mga) Ipinapanalangin |
| --- | --- |

# Nangangako akong mananalangin para sa . . .

## Aking Iglesya


Pamunuan ng Iglesya • Pagkakaloob • Pagdidisipulo . . .

## Aking Komunidad

Mga Paaralan at Institusyong Pang-edukasyon • Lokal na Pamahalaan • Mga Pagkakataon upang Makapaglingkod sa Hindi Miyembro ng Iglesya . . .

## Aking Bansa

Mga Opisyal ng Pamahalaan • Pagbabagong Espirituwal • Pag-unlad ng Ekonomiya • Kapayapaan . . .




# Ang Every Nation ay kasalukuyang may gawain sa 82 mga bansa.

**Tinutupad ang tawag ng Diyos na magtatag ng mga iglesyang pupunta sa mga campus sa lahat ng bansa.**


Ipanalangin natin ang mga bansa, unahin ang campus, at kilalanin ang kadakilaan ng ebanghelyo.

*Ang mga bilang ay hanggang Agosto 2023.*

**Ipagpatuloy ang pananalangin sa natitirang 113 na mga bansang wala pang iglesya ng Every Nation at maniwalang magbubukas ang Diyos ng mga pinto upang makapagtatag ng marami pang iglesya.**

Afghanistan
Albania
Algeria
Andorra
Angola
Antigua and Barbuda
Argentina
Azerbaijan
Bahamas
Barbados
Belarus
Belize
Bosnia and Herzegovina
Brazil
Bulgaria
Burkina Faso
Cabo Verde
Cameroon
Central African Republic
Chad
Chile
Comoros
Congo
Cuba
Cyprus
Democratic Republic of the Congo
Denmark
Djibouti
Dominica
Ecuador
Egypt
El Salvador
Equatorial Guinea
Eritrea
Estonia
Ethiopia
Finland
Gambia
Georgia
Greece
Grenada
Guatemala
Guinea
Guinea-Bissau
Guyana
Haiti
Honduras
Hungary
Iceland
Iraq
Israel
Italy
Jamaica
Kenya
Kiribati
Latvia
Lebanon
Lesotho
Liberia
Libya
Liechtenstein
Lithuania
Luxembourg
Macedonia
Madagascar
Mali
Malta
Marshall Islands
Mauritania
Micronesia
Moldova
Monaco
Montenegro
Morocco
Nauru
Niger
North Korea
Norway
Palau
Palestine
Paraguay
Russia
Rwanda
Saint Kitts and Nevis
Saint Lucia
Saint Vincent and the Grenadines
Samoa
San Marino
São Tomé and Príncipe
Senegal
Serbia
Seychelles
Sierra Leone
Slovakia
Slovenia
Solomon Islands
Somalia
South Sudan
Sudan
Suriname
Switzerland
Syria
Tanzania
Tonga
Trinidad and Tobago
Tunisia
Turkmenistan
Tuvalu
Uruguay
Uzbekistan
Vanuatu
Vatican City
Yemen

# Ipanalangin na mas marami pang mga iglesya ang maitatag.



**Sa pananalangin natin para sa natitirang 113 na mga bansang wala pang iglesya ng Every Nation, humihingi tayo sa Diyos ng mga pagkakataong makapagtatag ng mas marami pang mga iglesya sa bansang ang wika ay Arabic sa buong Hilagang Africa at sa Gitnang Silangan.**

Mayroong 24 na mga bansa sa bahaging ito at halos 505 na milyon ang mga tao. Halos 2% lamang ng populasyon ang mga ebanghelikong Kristiyano, at binigyan na tayo ng Diyos ng mga pagkakataon para makapagministeryo sa mga pangunahing bayan sa rehiyon.

- Algeria
- Bahrain*
- Chad
- Djibouti
- Egypt
- Eritrea
- Iraq
- Jordan*
- Kuwait*
- Lebanon
- Libya
- Mauritania
- Morocco
- Oman*
- Palestine
- Saudi Arabia*
- Somalia
- South Sudan
- Sudan
- Syria
- Tunisia
- United Arab Emirates*
- Qatar*
- Yemen

## Ipanalangin natin ang mga sumusunod:

- Maging bukas ang mga puso sa pagtanggap sa ebanghelyo
- Magpadala ang Diyos ng mas marami pang manggagawa sa mga bansang ito
- Biyaya, proteksyon, at lakas ng loob para sa mga Kristiyano sa bahaging ito

**Mga bansa kung saan may gawain ang Every Nation sa kasalukuyan. Ang mga bilang tungkol sa populasyon ay mula sa Operation World.*



## Panimula

# Ang Tawag ng Kabanalan

### 1 Pedro 1:13-16

[13]Kaya lagi kayong maging handa na gawin ang kalooban ng Diyos.
Magpakatatag kayo at lubos na umasa na matatanggap n'yo ang mga
pagpapalang ibibigay sa inyo kapag dumating na si Jesu-Cristo. [14]Bilang
masunuring mga anak ng Diyos, huwag kayong padadala sa masasamang
hilig ninyo noong hindi pa kayo nakakakilala sa Diyos. [15]**Banal ang
Diyos na tumawag sa inyo, kaya dapat magpakabanal din kayo sa
lahat ng ginagawa ninyo.** [16]**Sapagkat sinasabi ng Diyos sa Kasulatan,
"Magpakabanal kayo dahil banal ako."**

**Karagdagang Babasahin:** Leviticus 11:45, 20:26; Mga Bilang 15:37-41; Deuteronomio 6:4-9; Isaias 6:1-7; Mateo 22:34-40

Banal ang Diyos sa lahat ng Kanyang pamamaraan, ibang-iba ang Kanyang esensiya at katangian. Ano ang ibig sabihin para sa atin ng pagiging banal? Bilang mga mambabasa sa ika-dalawampu't isang siglo, madali para sa atin ang sabihin na ang salitang "banal" ay ang pagkakaroon ng mga pag-uugaling inaasahan ng Diyos na mabubuo natin. Ngunit ang salitang Hebreo para sa banal ay "qadosh," na ang ibig sabihin ay itinalaga, pinabanal, inihandog, inilaan, at ihiniwalay mula sa mundo.

Ang tawag ng Diyos tungo sa kabanalan ay higit pa sa pagbabago ng ating kilos o isang pamantayan na dapat maabot: isa itong tawag na umasa sa biyaya ng Diyos sa pamamagitan ni Jesus upang lubusan tayong magbago at mamuhay nang natatangi.

Sa kanyang liham, sumulat si Pedro para sa mga Kristiyanong dumaraan sa pag-uusig. Para sa maraming tao noon, mapanganib ang mga Kristiyano dahil hindi sila sumusunod sa mga karaniwang pag-uugali sa mundo at namumuhay sila nang salungat sa kultura sa kanilang paligid. Sa kabila ng mga nangyayari sa kanila at sa paligid nila, hinikayat sila ni Pedro na maging banal, panghawakan ang kanilang pananampalataya, at patuloy na mamuhay sa paraang naiiba.

Sa ika-14 na talata, ipinaalala niya sa kanila na sila rin ay minsang nabuhay sa kadiliman, pero tinubos sila ni Cristo at binago Niya ang kanilang pagkakakilanlan. Ginawa silang natatangi, tinawag na maging banal at mamuhay para kay Cristo. Tunay na binabago ni Jesus ang pagkakakilanlan natin at tinutulungan Niya tayong mamuhay nang banal.

Dapat nating hangaring maging banal. Gayunpaman, hindi lamang ito isang bagay na hinahangad. Makakamit natin ito kapag umasa tayo kay Cristo. Sa pamamagitan lamang ni Jesus mababago ang ating pagkakakilanlan, at sa pamamagitan lamang Niya tayo makakapamuhay nang naiiba sa mundong nakapaligid sa atin. Hindi madali ang tawag na maging banal, pero kinakailangan ito. Ito ay isang tawag ng pagtanggap sa biyaya ng Diyos sa pamamagitan ni Jesus at pagpapahintulot sa Kanya na baguhin tayo. Ang kabanalan ay hindi lamang isang bagay na dapat nating makamit. Ito ay likas na aspeto ng ating pagkakakilanlan bilang mga mananampalataya. Tinawag tayo para maibukod.

***Banal ang Diyos na tumawag sa inyo, kaya dapat magpakabanal din kayo sa lahat ng ginagawa ninyo. Sapagkat sinasabi ng Diyos sa Kasulatan, "Magpakabanal kayo dahil banal ako."***

**Pag-isipan:** Pag-isipan ang isang pagkakataon kung kailan mo unang nalaman ang biyaya ng Diyos at una mong tinanggap si Jesus bilang iyong Panginoon at Tagapagligtas.

**Pag-isipan:** May mga bahagi ba ng buhay mo kung saan nahihirapan kang mamuhay nang "naiiba" sa mundo?

# Faith Step

Maglaan ng panahon sa pananalangin para pasalamatan ang Diyos sa biyaya Niya at sa tawag Niyang maging banal.



**Ama sa Langit,** karapat-dapat Kang tumanggap ng aking papuri't pagsamba. Kung gaano kalayo ang langit sa lupa, ganoon din kalayo ang Iyong pamamaraan at pag-iisip kaysa sa akin.

Itinatalaga ko ang aking sarili sa Iyo, nasa isipan ko ang mga gawa ng Inyong kamay at ang kagandahan ng ebanghelyo. Salamat at ihiniwalay Mo ako at itinuring na sa Iyo at sa pagtawag sa akin na maging banal.

Panginoon, tulungan Mo ang puso kong luwalhatiin Ka para masalamin ko ang Iyong kaluwalhatian sa mga tao sa aking paligid. Sa ngalan ni Jesus, **amen.**



Unang Araw

# Ang Komunidad ng Kabanalan

## 1 Pedro 2:4-9

> [4]Siya ang batong buhay na itinakwil ng mga tao pero pinili ng Diyos at
> mahalaga sa paningin niya. At habang lumalapit kayo sa kanya, [5]kayo
> na tulad din ng batong buhay ay itinatayo ng Diyos bilang isang gusaling
> espiritwal. At bilang mga banal na paring pinili ng Diyos, nag-aalay kayo
> sa kanya ng mga espiritwal na handog na kalugod-lugod sa kanya dahil
> ginagawa n'yo ito sa pamamagitan ni Jesu-Cristo. . . .
>
> **[9]Ngunit kayo'y mga taong pinili, mga maharlikang pari, at mga mamamayan ng Diyos. Pinili kayo ng Diyos na maging kanya upang ipahayag ninyo ang kahanga-hanga niyang mga gawa. Siya ang tumawag sa inyo mula sa kadiliman tungo sa kahanga-hanga niyang kaliwanagan.**

**Karagdagang Babasahin:** Exodus 19:5-6; Deuteronomio 7:6; Isaias 28:16; Hosea 2:23; Malakias 3:16-18; Mga Taga-Efeso 2:11-13; Mga Hebreo 10:24-25; Pahayag 5:10

Sa Lumang Tipan, ang templo ay ang lugar kung saan nananahan ang Diyos. Binukod ito at nilinis para sa pagsamba kay Yahweh. Ngunit ipinakita sa atin ni Pedro na tayo, ang mga mamamayan ng Diyos, ay ibinukod at itinalaga para sa pagsamba sa Kanya. Sama-sama tayong binubuo bilang isang tahanang espiritwal, isang maharlikang paring nagbibigay-daan sa presensya ng Diyos nasaan man tayo. Ang komunidad ng kabanalan ay mga itinalagang mamamayan ng Diyos, pinuspos ng Kanyang presensya upang ipahayag ang perpekto Niyang kabutihan.

Dahil tayo ay ginawang banal at ibinukod ng Diyos, tinawag tayong mamuhay sa paraang makikita ng iba ang Kanyang kapangyarihang bumabago sa atin. Bilang Kanyang "espiritwal na tahanan," inaasahang maging iba ang ating pamumuhay at pagkilos upang tayo ay maging saksi ng kabutihan ng Diyos at upang tawagin din ang iba mula sa kadiliman, hindi lamang sa pamamagitan ng indibidwal nating buhay kundi pati bilang isang Iglesya.

Kung tutuparin natin ang tawag na ito, mahalagang-mahalaga ang pagiging bahagi ng isang lokal na iglesya. Sa 1 Pedro 1:22-23, sinabihan ni Pedro ang mga mambabasa niya na mahalin ang isa't isa at ipaalala sa kanila ang kahalagahan ng sama-samang pagsunod sa Salita. Gaya ng pagdidikit-dikit sa mga hiwa-hiwalay na bato upang makabuo ng isang matibay na istruktura, tinatawag tayo bilang mga mananampalataya na suportahan at palakasin ang isa't isa. Sa ating pagkakaisa, maipapakita natin ang pag-ibig ni Cristo sa mundo.

Ang ibig sabihin ng pagiging ibinukod ay naiiba tayo sa mundong nakapaligid sa atin, at bilang Iglesya, isang katawang binubuo ng mga mananampalataya, kailangang maging kapansin-pansin tayo sa ating komunidad. Kailangang maging tanglaw ng pag-asa ang bawat lokal na iglesya dahil sa ginawa ng Diyos sa atin. Kapag nagsasama-sama ang mga mananampalataya upang sumamba at manalangin, asahan nating makakakita tayo ng pagbabago sa mga pamilya, lungsod, at bansa sa pamamagitan ng ebanghelyo.

Pinili ng Diyos ang Kanyang Iglesya, na maging isang maharlikang pari at banal na bayan. Binukod tayo ng Diyos para sa Kanyang banal na layunin. Ang tungkulin natin ay ipahayag ang Kanyang kabutihan sa mundong sabik sa layunin at pag-asa. Sa pamamagitan ng mga buhay natin na binago Niya, tayo ay nagiging buhay na patotoo ng kapangyarihan at kabutihan ng Diyos.


***Ngunit kayo'y mga taong pinili, mga maharlikang pari, at mga mamamayan ng Diyos. Pinili kayo ng Diyos na maging kanya upang ipahayag ninyo ang kahanga-hanga niyang mga gawa. Siya ang tumawag sa inyo mula sa kadiliman tungo sa kahanga-hanga niyang kaliwanagan.***

**Pag-isipan:** Isipin ang mga mananampalataya na naging mahalagang bahagi ng pamumuhay mo kay Cristo. Maglaan ng panahon upang pasalamatan ang Diyos sa paglagay sa kanila sa iyong buhay.

**Pag-isipan:** Paano mo magagamit ang mga kaloob at talentong ibinigay ng Diyos upang mapaglingkuran mo ang iyong lokal na iglesya?

# Faith Step


Isulat ang ilang paraan kung paano ka aktibong makikibahagi sa iyong lokal na iglesya.



**Ama sa Langit,** salamat dahil pinili Mo kami at ibinukod para sa Iyong mga layunin. Salamat sa pribilehiyong maging bahagi ng iyong Iglesya.

Tulungan Mo kaming pahalagahan ang natatanging tungkulin ng bawat miyembro at sama-samang kumilos nang may pagkakaisa. Kumilos Ka sa aming mga puso upang patuloy kaming magsama-sama at patuloy naming hikayatin ang isa't isa sa pagmamahalan at kabutihan.

Gamitin mo kami upang magdala ng pag-asa, kagalingan, at pagbabago sa mundo. Pinadala mo kami bilang liwanag sa kadiliman; nawa'y patuloy kaming magpahayag ng papuri at umakay ng mga tao tungo sa iyo. Sa pangalan ni Jesus, **amen.**



Ikalawang Araw

# Ang Hamon ng Kabanalan

## 1 Pedro 2:10-11

> [10]Dati'y hindi kayo mga taong sakop ng Diyos, pero ngayon, mga sakop na
> niya kayo. Noon, hindi kayo kinaawaan ng Diyos, pero ngayon, kinaawaan
> na niya kayo. [11]**Mga minamahal, mga dayuhan kayong nakikitira lang
> sa mundong ito. Kaya nakikiusap ako sa inyong talikuran na ninyo
> ang masasamang pagnanasa ng inyong katawan na nakikipaglaban sa
> inyong espiritu.**

**Karagdagang Babasahin:** Salmo 119:18-20; Mga Taga-Roma 7:21-25; Mga Taga-Filipos 3:20; 2 Corinto 4:16; Mga Hebreo 11:12-16

Ano o nasaan ang lugar na itinuturing mong 'tahanan'? Maaaring ito ay isang lugar kung saan ka lumaki, ang siyudad kung saan kayo lumipat ng pamilya mo, o ang bansang kinailangan mong lisanin nang hindi inaasahan.

Magkaiba ang ugnayan ng mga dayuhan at bihag sa isang "tahanan." Ang mga dayuhan ay mga manlalakbay na dumaraan lamang sa isang lugar sa maikling panahon hanggang sa marating nila ang totoo nilang destinasyon. Ang mga bihag naman ay mga taong pinaalis o itinaboy mula sa kinalakihan nilang lugar.

Sa pagtawag ni Pedro sa kanyang mga mambabasa bilang mga "dayuhan" at "bihag" sa 1 Pedro 2:11, hinamon ni Pedro ang konsepto nila ng isang tahanan. Nilinaw niya—hindi sila permanenteng residente sa mundong ito at nabubuhay sila sa isang lugar na hindi talaga nila tahanan. Hanggang sa pagdating ni Cristo, dapat silang mamuhay bilang mga iniligtas at banal na mamamayan sa isang nagkasalang mundo.

Sinabihan sila ni Pedro na “talikuran na ang masasamang pagnanasa ng katawan,” ang mga makasalanang hangarin na nagrerebelde at nakikipaglaban sa Diyos. Kailangan nating panghawakan ang tawag ng Diyos tungo sa kabanalan habang lumalaban ang mga hangaring ito sa ating mga espiritu.

Binigyan tayo ng Diyos ng awa at biyaya para talikuran ang mga hangaring ito. Ibinigay Niya sa atin ang Kanyang Salita para baguhin ang ating isipan. Inilagay Niya tayo sa isang espiritwal na komunidad na magpapalakas at manghihikayat sa atin. Kahit sa mga sandaling nararamdaman nating mahina at bigo tayo, ang kaloob na pagsisisi ang nagbibigay ng daan para makabalik tayo sa Diyos nang may biyaya at walang ikinakahiya.

Habang binabasa natin ang talatang ito ilang siglo matapos itong maisulat, nakikilala natin ang pakiramdam ng espiritwal na pagkakalayo, kawalan ng kasiyahan, at paghahangad na maaaring naramdaman din ng mga orihinal na mambabasa ni Pedro. Ito ang pagsubok. Bilang mga dayuhan, nakatira tayo sa isang panandaliang tahanan, ngunit nakakatuksong mamuhay na parang dito tayo nabibilang. Araw-araw, kailangan nating magpasyang hindi natin uunahin ang ating sarili at susundin natin ang tawag ng Diyos na maging banal.

***Mga minamahal, mga dayuhan kayong nakikitira lang sa mundong ito. Kaya nakikiusap ako sa inyong talikuran na ninyo ang masasamang pagnanasa ng inyong katawan na nakikipaglaban sa inyong espiritu.***

**Pag-isipan:** Binago ba ng pagiging isang “dayuhan” o “bihag” ang pananaw mo tungkol sa mundo sa paligid mo?

**Pag-isipan:** May mga praktikal ka bang bagay na magagawa ngayon upang talikuran ang pagnanasa ng iyong katawan?

# Faith Step

Kausapin ang kasama mo sa pananalangin tungkol sa “mga pagnanasa ng katawan” na maaaring pareho ninyong pinagdaraanan. Maglaan ng panahon para sa pananalangin, pagsisisi at paghiling sa Banal na Espiritu na baguhin at palakasin ka.



**Jesus,** salamat dahil gumawa Ka ng daan upang ako ay maging banal, kahit sa panahong nahihirapan akong pagtagumpayan ang mga makasalanang hangarin. Inilagay Mo ako bilang dayuhan at bihag sa mundong ito, ngunit ipinagdarasal ko na maghari Ka sa aking puso at araw-araw Mong baguhin ang aking kalooban.

Tulungan Mo akong tanggapin ang pagsubok ng kabanalan at araw-araw na piliin ang pagiging matuwid, kahit sa panahong natutukso akong sundin ang kagustuhan ng aking laman.

Baguhin Mo ako mula sa loob hanggang sa labas upang maging liwanag ako sa mundong ito. Idinadalangin ko ito sa Iyong pangalan, **amen.**



Ikatlong Araw

# Ang Pagpapakita ng Kabanalan

## 1 Pedro 2:10-12

[10]Dati'y hindi kayo mga taong sakop ng Diyos, pero ngayon, mga sakop na
niya kayo. Noon, hindi kayo kinaawaan ng Diyos, pero ngayon, kinaawaan
na niya kayo. [11]Mga minamahal, mga dayuhan kayong nakikitira lang
sa mundong ito. Kaya nakikiusap ako sa inyong talikuran na ninyo ang
masasamang pagnanasa ng inyong katawan na nakikipaglaban sa inyong
espiritu. [12]**Sa lahat ng oras, ipakita n'yo sa mga taong hindi kumikilala
sa Diyos ang matuwid ninyong pamumuhay. Kahit pinararatangan nila
kayo ngayon ng masama, sa bandang huli ay makikita nila ang mga
kabutihang ginagawa n'yo at luluwalhatiin nila ang Diyos sa araw ng
pagdating niya.**

**Karagdagang Babasahin:** Micas 6:8; Mateo 5:14-16; Mga Taga-Roma 12:1-2; 2 Corinto 9:13; Mga Taga-Galacia 5:16-24; Mga Taga-Efeso 4:1-3; Tito 2:7-8

Sinabi ni Pedro sa kanyang mga mambabasa na habang tinatalikuran nila ang mga panandalian nilang kinahihiligan, kailangan din nilang pagsikapang gumawa ng mabubuting bagay. May mga bagay na hindi dapat gawin at mayroon ding mga bagay na dapat gawin. Sinabihan niya silang mamuhay nang kagalang-galang, kahit sa pananaw ng mga hindi mananampalataya. At kapag nakita nila ang mga mamamayan ng Diyos na gumagawa ng mabubuting gawa, maaari silang maakay at sumamba rin sa Diyos.

Ngunit ano ba ang larawan ng mabuting ugaling nakasentro sa ebanghelyo? Maaari ring gumawa ng "mabubuting" bagay ang mga taong hindi sumusunod kay Cristo. Ang kaibahan sa pag-uugali ng mga mananampalataya at mga

hindi mananampalataya ay ang banal na halimbawa ni Cristo. Dapat tayong tumingin kay Cristo, ang modelo kung paano maipapamuhay ang kabanalan sa pamamagitan ng ating ugali. Ang mga halimbawa at katuruan Niya ay maaaring magamit sa anumang kultura at sa anumang panahon. Bakit? Dahil hindi pabago-bago ang katangian ng Diyos—hindi Siya kailanman nagbabago.

Bukod pa rito, ipinapakita ni Cristo sa atin na ang banal na pag-uugali ay hindi lamang tumutukoy sa paminsan-minsang paggawa ng kabutihan. Tumutukoy ito sa isang paraan ng pamumuhay kung saan pareho ang ipinapakita sa mga pampubliko at pribadong lugar. Itinuturo ni Jesus sa Kanyang mga disipulo kung paano tratuhin ang ibang tao, humawak ng salapi, mamuhay nang mahabagin, magpakita ng respeto sa kinauukulan, at magpasakop sa Diyos. Ipinakita Niya kung paano natin dapat makita ang mundo gamit ang mga matang may kabanalan at kung paano tayo makakasagot sa paraang sumasalamin sa hindi nagbabago at banal na katangian ng Diyos.

Habang sinisikap nating mamuhay nang banal, dapat nating balikan ang krus. Ang kaloob na kaligtasan at ang kaalaman tungkol sa kabanalan ng Diyos ang dahilan kung bakit tayo nakakagawa ng mabubuting bagay. Hindi kailanman magiging kabayaran ng kasalanan ang mabubuti nating gawa. Sa halip, nanggagaling ang ating gawa sa kaalaman tungkol sa kabutihan at kabanalan ng Diyos.

Mayroon tayong pagkakataong ipamuhay ang kaisipang misyonal sa pamamagitan ng ating kilos, pag-uugali, kalooban, pananalita, at pag-iisip. Dapat maging katangi-tangi ang ating pag-uugali kung ihahambing sa mundo dahil napalaya at naibukod tayo ng kabanalan ni Cristo.

***Sa lahat ng oras, ipakita n'yo sa mga taong hindi kumikilala sa Diyos ang matuwid ninyong pamumuhay. Kahit pinararatangan nila kayo ngayon ng masama, sa bandang huli ay makikita nila ang mga kabutihang ginagawa n'yo at luluwalhatiin nila ang Diyos sa araw ng pagdating niya.***

**Pag-isipan:** Paano nakapagbibigay ng karangalan sa Diyos ang paraan mo ng pamumuhay sa mga pampubliko at pribadong lugar?

**Pag-isipan:** Paano ipinapakita ng pag-uugali mo ang kabanalan ng Diyos sa mga taong nakapaligid sa iyo?

# Faith Step

Maglaan ng panahon upang pag-isipan ang ebanghelyo at tanungin ang Diyos kung paano mo maipapamuhay ang banal na pag-uugali sa iyong komunidad. Isulat kung ano ang sinasabi sa iyo ng Diyos, at kausapin ang kasama mo sa pananalangin tungkol sa mga susunod na hakbang na gagawin mo.



**Jesus,** salamat sa pagiging perpektong ehemplo ng banal na pag-uugali. Tulungan Mo akong alamin kung paano maging matuwid at banal sa aking pagkilos, pananalita, at pag-iisip. Bigyan Mo ako ng kakayahang gumawa ng mabuti na nagmumula sa isang tapat na puso.

Aking Diyos, tulungan Mo ako kung paano mamuhay para makita ng iba ang mabuti kong gawa at papurihan Ka. Binago ako ng Iyong ebanghelyo mula sa loob palabas; tulungan Mo akong maging mas katulad ni Cristo upang makilala Ka rin ng iba.

Nawa'y makapagbigay sa akin ng kalakasan ang Iyong kaligayahan habang pinag-iisipan ko ang Iyong kabutihan dito sa lupa. Idinadalangin ko ito sa Iyong pangalan, **amen.**



## Ikaapat na Araw

# Ang Pinakamahalaga sa Kabanalan

### 1 Pedro 2:21-25

21 Ang mga pagdurusa ni Cristo para sa atin ang halimbawang dapat nating
tularan. Ito ang dahilan kung bakit tayo tinawag, para tularan natin ang
buhay ni Cristo. 22 Hindi siya nagkasala o nagsinungaling man. 23 Ininsulto
siya pero hindi siya gumanti ng insulto. Pinahirapan siya pero hindi siya
nagbanta. Ipinagkatiwala niya ang lahat sa Diyos na humahatol nang
makatarungan. 24 **Si Cristo ang umako sa mga kasalanan natin nang
ipako siya sa krus, para iwanan na natin ang buhay na makasalanan
at mamuhay nang matuwid. Dahil sa mga sugat niya, gumaling tayo.**
25 Para tayong mga tupang naligaw noon, pero nakabalik na tayo ngayon sa
Panginoon na Tagapag-alaga at Tagapagbantay ng ating buhay.

**Karagdagang Babasahin:** Isaias 53:3-6, 7; Lucas 15:1-7; Juan 10:11; Mga Taga-Roma 6:10-11, 23; Mga Taga-Galacia 3:13

Ang krus ang pinakamahalagang bahagi ng mensahe ng ebanghelyo. Nagpapasalamat tayo kay Jesus dahil ang kamatayan Niya sa krus ang nagpanumbalik sa atin sa Diyos. Ngayon, ang pagpako sa krus ay isang gawaing hindi na pamilyar sa atin. Sa kultura ni Jesus, ang pagpako sa krus ay isang nakakahiya at napakasakit na paraan ng pagkamatay. Isa itong paraang ginamit ng mga Romano para pahirapan at ipahiya ang mga nagkasala, at ginagamit nila ang kanilang biktima bilang babala sa iba.

Sa unang tingin, ang kamatayan ni Jesus ay dapat na magsilbing isang babala—"Kung mabubuhay ka gaya ng lalaking ito, mamamatay ka." Ngunit sa katunayan, ito ay nagbibigay kalayaan—"*Si Cristo ang umako sa mga kasalanan natin nang*

*ipako siya sa krus, para iwanan na natin ang buhay na makasalanan at mamuhay nang matuwid."* Ang pagpako sa krus ay kumakatawan sa pagiging hindi banal, ngunit inako ni Cristo ang ating mga kasalanan upang tayo'y maging banal.

Ang Kanyang kamatayan ang pangunahing bahagi ng ating kabanalan, ang sakripisyo Niya ang naging simula ng bago nating pagkakakilanlan. Hindi ang ating mga gawa, pinanggalingang pamilya, pinansyal na sitwasyon, o katayuan sa lipunan ang magliligtas sa atin at magdadala sa atin sa katuwiran. Lahat ng ating espiritwal na pagpapala, kabilang na ang basehan ng ating kabanalan, ay nakasalalay sa krus ni Cristo.

Ang Kanyang buhay, kamatayan, at pagkabuhay-muli ay may impluwensiya sa bawat bahagi ng ating buhay. Ipinagkakaloob Niya ang kaligtasan ng ating kaluluwa, kagalingan ng ating katawan, kapayapaan at karunungan, at pagbalik sa pamilya ng Diyos. Lahat ng kaloob na ito ay libre Niyang ibinigay, at natatanggap natin ang kabuuan ng ating kaligtasan sa pamamagitan lamang ng biyayang galing sa pananampalataya.

Ang sakripisyo ni Cristo ang naging tulay natin sa Diyos. Siya ang naglagay ng matibay na pundasyon kung saan natin maitatayo ang ating buhay, at masasandalan natin ang tinapos na Niyang gawin. Dahil sa Kanyang ginawa, tayo ay naging matuwid sa harap ng Diyos. Sa pamamagitan ng kapangyarihan ng muli Niyang pagkabuhay, makakapamuhay din tayo nang banal. Ang basehan ng ating kabanalan ay ang krus ni Cristo.

***Si Cristo ang umako sa mga kasalanan natin nang ipako siya sa krus, para iwanan na natin ang buhay na makasalanan at mamuhay nang matuwid. Dahil sa mga sugat niya, gumaling tayo.***

**Pag-isipan:** Pag-isipan ang kahalagahan ng krus at ng sakripisyo ni Cristo para sa iyo.

**Pag-isipan:** Ang kabanalan ay nakasalalay sa krus ni Cristo. Ano ang ibig sabihin nito sa iyong pamumuhay nang may pananampalataya?

# Faith Step

Isulat ang pangalan ng mga taong ipinapanalangin mong magkaroon ng pananampalataya. Ipanalangin na bigyan ka ng Diyos ng pagkakataon ngayong linggo para maibahagi ang ebanghelyo sa kanila.



**Jesus,** salamat sa Iyong sakripisyo sa krus. Karapat-dapat akong tumanggap ng kamatayan dahil sa mga kasalanan ko, ngunit ipinagkaloob Mo sa akin ang buhay na walang hanggan nang walang hinihinging kabayaran.

Tinubos Mo ako sa kadiliman at ginawa Mo akong banal. Salamat dahil hindi nakasalalay sa akin ang kabanalan ko. Nakasalalay ito sa Iyong buhay, kamatayan, at pagkabuhay-muli. Nawa'y maalala ko ang kabutihan ng Iyong ebanghelyo sa lahat ng araw ng aking buhay.

Panginoon, pinupuri Kita dahil Ikaw ang naging tulay sa pagitan natin, at idinadalangin ko na maging matapang ako sa pagbabahagi ng Iyong kabutihan sa mga tao sa paligid ko. **Amen.**



Ikalimang Araw

# Ang Pangako ng Kabanalan

## 1 Pedro 3:13-16

13 Sino ang gagawa ng masama sa inyo kung laging mabuti ang ginagawa
n'yo? 14 Pero kung usigin kayo dahil sa kabutihang ginagawa n'yo, mapalad
kayo. Huwag kayong matakot o mag-alala sa ano mang gawin nila sa inyo.
15 **Alalahanin n'yo na si Cristo ang dapat ninyong parangalan at sundin.
Dapat lagi kayong handang magpaliwanag sa sinumang magtatanong sa
inyo tungkol sa pag-asa ninyo.** 16 At maging mahinahon at magalang kayo
sa inyong pagsagot. Tiyakin ninyong laging malinis ang inyong konsensya,
para mapahiya ang mga taong minamasama ang mabubuti ninyong gawa
bilang mga tagasunod ni Cristo.

**Karagdagang Babasahin:** Kawikaan 16:7; Salmo 34:13-14; Colosas 4:5-6; 1 Timoteo 6:12; 2 Timoteo 2:24-26

Hinikayat ni Pedro ang kanyang mga mambabasa na patuloy na panghawakan ang kanilang pananampalataya sa gitna ng pambabatikos at pang-uusig. Sinabihan niya silang huwag magpadala sa mga kulturang nakapaligid sa kanila, at panatilihin ang pusong nagbibigay luwalhati kay Cristo bilang Panginoon. Kapansin-pansin na sinabi niyang maaaring magamit sa kabutihan ang mga pagsubok na pinagdadaanan nila at maging dahilan para makalapit ang mga tao kay Cristo. Kapag may nagtanong tungkol sa kanilang pananampalatayang hindi natitinag, kailangang maging handa silang ibahagi ang mensahe ng kaligtasan nang mahinahon, may paggalang, at malinaw.

Ang pangako nating magpakabanal ay isang debosyon na nagmumula sa ating kalooban at nagbubunga ng panlabas na pagpapahayag. Habang lumalapit

tayo sa Diyos at hinahayaan natin ang Kanyang Espiritung baguhin tayo mula sa loob patungo sa labas, pinupuspos Niya ang ating puso't isipan ng Kanyang karunungan, kalakasan, at pagmamahal. Binibigyan Niya tayo ng kakayahang kumilos sa gitna ng mga pagsubok at ipaglaban ang ating paniniwala nang may kahinahunan at paggalang.

Kapag may dumarating na oposisyon sa iyong landas, ano ang nagiging reaksyon mo? Malamang ay mahirap ipagsawalang-bahala ang kahihiyan o kabiguang dala nito. Ngunit sa lahat ng bagay, may layunin ang Diyos. Ang mga oposisyong ito ay maaaring magdala ng mga pagkakataon para maibahagi natin ang ating pananampalataya.

Sa kabila ng mga panggigipit na hinaharap natin mula sa mundo, ang mga sandali ng pambabatikos o pang-uusig ang tumutulong sa ating maging saksi para sa Diyos. Kung magiging masigasig tayo sa pagiging banal, makikita Siya ng mundo sa pamamagitan ng paraan natin ng pamumuhay at maaari itong magbukas ng pagkakataon upang maipangaral ang ebanghelyo.

Ang pangakong maging banal ay naipapahayag ng ating kilos, katangian, at kalooban. Ito ay isang dedikasyon na parangalan ang Diyos at maging patotoo ng pag-asang mayroon tayo sa Kanya. Nawa'y patuloy tayong maging tapat sa tawag na mamuhay nang naiiba, nagbibigay papuri sa ating Panginoon, at umaakay sa mga tao palapit sa Kanya.

***Alalahanin n'yo na si Cristo ang dapat ninyong parangalan at sundin. Dapat lagi kayong handang magpaliwanag sa sinumang magtatanong sa inyo tungkol sa pag-asa ninyo. At maging mahinahon at magalang kayo sa inyong pagsagot. . . .***

**Pag-isipan:** Ano ang mga naging reaksyon mo noong may mga bumatikos o umusisa sa iyong pananampalataya?

**Pag-isipan:** Hilingin sa Diyos na puspusin ka ng karunungan, kahinahunan, at paggalang upang lagi kang maging "handang magpaliwanag" sa mga taong magtatanong tungkol sa iyong pananampalataya.

# Faith Step

Pag-isipan kung sino sa mga kakilala mo ang maaaring tumutol sa iyong pananampalataya o patotoo. Ipanalangin sila, at ipanalangin na bigyan ka ng Diyos ng pagkakataon upang buong tapang mong maipahayag sa kanila ang iyong pananampalataya.



**Panginoon,** maraming salamat sa ebanghelyo; hindi ko ito ikinakahiya, dahil ito ang kapangyarihan ng Diyos para sa ikaliligtas ng lahat nang sumasampalataya.

Nagpapasakop ako sa Iyo at nagtitiwala akong kasama Kita. Bigyan Mo ako ng kakayahang maging mabuti sa lahat at matiyagang tiisin ang kasamaan, at tulungan Mo rin akong makita ang mga oposisyon bilang mga pagkakataon para maipahayag ang Iyong mabuting balita.

Salamat, Jesus, sa pagiging mabuting halimbawa nito. Karapat-dapat Mong matanggap ang aking dedikasyon at debosyon. Puspusin Mo ako ng Iyong pagkahahabag at biyaya para sa iba. **Amen.**



Pagtatapos

# Ang Matinding Pagsubok ng Kabanalan

## 1 Pedro 4:1-5, 12-16

[1]Dahil naghirap si Cristo sa katawang-tao niya, dapat ay handa rin kayong
maghirap. Sapagkat hindi na gumagawa ng kasalanan ang taong nagtitiis
ng hirap. [2]Hindi na siya sumusunod sa masasama niyang ugali kundi
sumusunod na siya sa kalooban ng Diyos. . . .

[12]**Mga minamahal, huwag kayong magtaka sa mabibigat na pagsubok
na nararanasan ninyo. Kapag sinusubok ang inyong pananampalataya,
huwag ninyong isipin kung ano na ang mangyayari sa inyo.** [13]**Sa halip,
magalak kayo dahil nakikibahagi kayo sa mga hirap ni Cristo. At magiging
lubos ang kagalakan n'yo kapag naipakita na niya ang kapangyarihan
niya sa lahat.** [14]Kaya kung iniinsulto kayo dahil mga tagasunod kayo ni
Cristo, mapalad kayo dahil nasa inyo ang makapangyarihang Espiritu,
ang Espiritu ng Diyos. [15]Kung pinarusahan man kayo, sana'y hindi dahil
nakapatay kayo ng tao, o nagnakaw, o nakagawa ng masama, o kaya'y
nakialam sa ginagawa ng iba. [16]Ngunit kung pinarusahan kayo dahil
Cristiano kayo, huwag kayong mahiya; sa halip ay magpasalamat kayo sa
Diyos dahil tinatawag kayo sa pangalang ito.

**Karagdagang Babasahin:** Salmo 34:19-22; Zacarias 13:9; Mateo 5:10-12; Juan 15:18-21; Mga Gawa 5:40-42; 1 Pedro 1:7

Ginto ang isa sa pinakamahalagang metal sa mundo, ngunit kapag minimina ito, madalas ay may kasama itong ibang mga mineral. Para mailabas ang pinakamataas nitong halaga (purong ginto), dapat ay gawin itong pino sa pamamagitan ng apoy na tutunaw at maghihiwalay dito sa anumang dumi na magpapababa ng halaga nito. Kung ang ginto ay mahalaga, higit na mas

mahalaga ang ating pananampalataya at dumaraan din ito sa parehong proseso ng pagpino.

Sinasabi sa 1 Pedro 1:7 na ang ating pananampalataya ay dadaan sa mga pagsubok para mapatunayan kung ito ay tunay. Sa kabuuan ng liham na ito, itinuturo ni Pedro na kabilang sa tawag ng kabanalan ang pagsasama-sama ng komunidad ng mga Kristiyano, pagkakaroon ng personal na pagsubok, pangangailangan ng tamang pag-uugali, pagkakatatag sa kahalagahan ng krus, at paghingi ng dedikasyon. Sa kabanata 4, ipinakita niya na dadalhin tayo ng kabanalan sa isang matinding pagsubok.

Hindi tayo makakaiwas sa apoy dahil lamang sa Kristiyano tayo, ngunit hindi tayo madidikitan ng apoy dahil sa pag-asang galing sa ebanghelyo. Habang humaharap tayo sa mga pagsubok, napapalapit tayo kay Cristo at nakakaranas tayo ng ginhawa dahil Siya rin ay nagdusa.

Kung haharap tayo sa mga matinding pagsubok dahil tayo ay ibinukod para kay Cristo, makakatanggap tayo ng pagpapala sa huli. Sa buhay mang ito o sa susunod, ang mahalaga ay laging tutuparin ng Diyos ang mga pangako Niya. Kahit na subukan pa tayong hikayatin ng kultura, *media*, mga kaibigan natin, o kahit ng ating pamilya na tanggapin kung ano ang "karaniwang pamantayan," dapat nating pagsikapang mamuhay nang naiiba at araw-araw nating hayaan ang Diyos na baguhin ang ating isip para maipamuhay natin ang tawag ng kabanalang itinakda Niya para sa atin.

Kahit sa ating pagdurusa, maaari tayong magalak dahil nasa atin "ang makapangyarihang Espiritu, ang Espiritu ng Diyos." Bilang mga itinalagang mamamayan ng Diyos, hindi nakapagtataka ng daraan tayo sa mga matinding pagsubok sa buhay na magpapapino sa ating pananampalataya. Ituon natin ang ating paningin sa pagpapalang naghihintay sa atin at magtiwala tayong kumikilos ang Diyos kahit sa kalagitnaan ng ating pagsubok. Nawa'y matagpuan natin ang kalakasan kay Cristo, dahil batid natin na makikibahagi tayo sa walang hanggan Niyang kaligayahan at kaluwalhatian.

***Mga minamahal, huwag kayong magtaka sa mabibigat na pagsubok na nararanasan ninyo. Kapag sinusubok ang inyong pananampalataya, huwag ninyong isipin kung ano na ang mangyayari sa inyo. Sa halip, magalak kayo dahil nakikibahagi kayo sa mga hirap ni Cristo. At magiging lubos ang kagalakan n'yo kapag naipakita na niya ang kapangyarihan niya sa lahat.***

**Pag-isipan:** Ano ang mga uri ng matinding pagsubok na pinagdaanan mo sa iyong pamumuhay para kay Cristo? Ipinagpapasalamat mo ba ang mga ito?

**Pag-isipan:** Paano mo naramdamang pinalakas ka ng Diyos sa pamamagitan ng paghihirap?

# Faith Step

Maglaan ng panahon upang pasalamatan ang Diyos sa anumang pagsubok na kinakaharap mo. Purihin Siya ngayon para sa lakas at gabay habang pinagdaraanan mo ang anumang pagsubok na maaaring dumating sa iyong buhay.



**Aking Diyos,** salamat sa pagsama sa akin sa bawat pagsubok. Ikaw ang aking kanlungan at kalakasan, ang laging nakahandang sumaklolo sa oras ng kagipitan.

Ipinagkakaloob Mo ang kapayapaan sa gitna ng kahirapan at kalakasan para magpatuloy. Tuwing may pagdududa, punuin Mo ako ng katiyakan ng Iyong katapatan. Magagalak ako kahit pa dumaranas ako ng mga paghihirap, dahil natututo akong magtiis, napapabuti ang aking pagkatao, at napupuno ako ng pag-asa.

Nagtitiwala ako na habang nakikibahagi ako sa pagdurusa ni Cristo, nakikibahagi rin ako sa walang hanggan Niyang kaligayahan at ako'y nagiging banal upang luwalhatiin ang Kanyang pangalan. Idinadalangin ko ito sa pangalan ni Jesus, **amen.**

EVERY NATION

Every Nation is a global family of churches and ministries that exists to honor God by establishing Christ-centered, Spirit-empowered, socially responsible churches and campus ministries in every nation.

# Set Apart

#ENfast2024

EveryNation.org/Fasting